

Hustisiya sa Ekonomiya, Pagbubuo ng Ari-arian at Pagpapanatili

Ang HERA ay isang pambuong estado ng California, na hindi pangkalakal na organisasyon ng mga ligal na serbisyong nakabatay sa Oakland, California. Ang HERA ay nakatalaga sa pagkakamit ng hustisiya sa ekonomiya para sa lahat ng mga Californian. Ang HERA ay nagbibigay ng mga sumusunod:

- Mga direktang ligal na serbisyo sa mga indibidwal (payo, ligal na pampinansiyal na pagtuturo, adbokasiya, at paglilitis); at
- Trabaho sa patakaran upang isalin ang mga karanasan at mga alalahanin ng mga mamimili sa epektibong mga batas, patnubay, at mga pamamaraan; at
- Teknikal na tulong at pagsasanay sa mga hindi pangkalakal at pribadong abugado, mga ahensiya ng pamahalaan, mga manggagawang panlipunan, mga propesyonal ng kalusugan at ibang mga propesyonal upang palawakin ang pool ng mga mapagkukunan na magagamit upang paglingkuran ang mga mamimili; at
- Mga workshops upang sanayin at turuan ang publiko sa kanilang mga ligal na karapatan at mga pagpipilian;
- Malikhain, malakas na mga pakikipagtulungan at pakikipagsosyohan upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga nangangailangan.



Ang HERA ay partikular na nakatuon sa mga nakatatanda, mga kababaihan, mga taong may kapansanan, LGBTQ, mga beterano, mga aktibong miyembro ng serbisyo at kanilang mga pamilya, mga taong may kulay, mga imigrante, mga taong dumadaan sa muling pagpasok at kanilang mga pamilya, at mababa hanggang katamtamang mga indibidwal na kita. Sinasalita namin ang iyong wika at gumagamit ng mga tagasalin kung kinakailangan.

HERA

housing and
economic
rights advocates

**PINOPROTEKTAHAN LAHAT NG MGA
TAO MULA SA DISKRIMINASYON AT
MGA PANG-AABUSO SA EKONOMIYA,
LALO NA SA LARANGAN NG PABAHAY**

Ipinapaliwanag namin ang iyong mga pagpipilian at mga karapatan. Tinutulungan ka naming ipagtanggol ang iyong mga karapatan at labanan ang mga mapang-abuso na kasanayan sa pamamagitan ng adbokasiya. Itinuturo namin sa iyo kung paano magtataguyod para sa iyong sarili na bumuo ng isang ligtas na hinaharap sa pananalapi para sa iyo at sa iyong pamilya.

*Matipag-ugnay
sa Amin*



**HOUSING & ECONOMIC RIGHTS ADVOCATES
(MGA TAGAPAGTAGUYOD NG MGA KARAPATAN
SA PABAHAY AT EKONOMIYA)
@HERADVOCATES
WWW.HERACA.ORG
(510) 271-8443 EXT. 300
INQUIRIES@HERACA.ORG
MAIL: P.O. BOX 29435
Oakland, CA 94604**

HERA

housing and
economic
rights advocates



Mapagsamantala at Hindi Patas na Pagpapautang

Ang mapagsamantalang pagpapautang ay nagpapataw ng hindi patas na mga termino ng pautang sa isang nanghihiram. Ito ay madalas na naglalayon sa mga pangkat na partikular na mahina: mga nakatatanda, kababaihan, mga taong may kulay, mga taong may kapansanan, mga imigrante, LGBTQ, mga dumadaan sa muling pagpasok (at kanilang mga pamilya), at mas mas mababa at katamtamang kitang mga kapitbahayan. Nilalaban ng Hera ang mapang-abusong mga kasanayang ito.

Ipinaliliwanag namin ang iyong mga opsyon at mga karapatan.

Pagpapanatili ng Pagmamay-ari ng Bahay

Nakikipagtulungan ang Hera sa mga may-ari ng bahay upang matulungan kang maiwasan ang pagkaremata, at matugunan ang mga problema ng asosasyon ng may-ari ng bahay, mga pag-scam ng enerhiya sa bahay, mga problema sa koleksiyon ng mga lagak na bono, mga isyu sa pagpapatupad ng alituntunin, mga katanungan sa buwis ng pag-aari at ang maraming iba't ibang mga alalahanin na nagbabanta sa iyong kakayahang mapanatili ang tahanan ng pamilya. Sa pamamagitan ng payo, mga workshop, adbokasiya, paglilitis at trabaho ng patakaran, tinutulungan ka ng HERA na panatilihin ang maaaring maging pinaka makabuluhang ari-arian na iyong aariin kailanman.

Pagpapalano ng Pag-aari

Nagtrabaho ka nang husto para sa iyong tahanan at sa iyong iba pang mga pag-aari at maaaring naisin mong ipasa ang pamana na iyon sa iyong pamilya pagkatapos ng iyong kamatayan. Ang pagpapasa ng bahay ng pamilya ay maaaring gawing posible para sa iyong mga anak at mga apo na manatili sa kanilang komunidad o mag-aral sa kolehiyo. Matutulungan ka ng Hera na mag-ayos ng isang plano ng pag-aari upang maghanda para sa pamamahala ng iyong mga ari-arian sa panahon ng iyong buhay kung hindi mo na maalagaan ang mga ito sa iyong sarili at mag-ayos ng isang plano para sa pamamahagi ng iyong mga pag-aari kasunod ng iyong kamatayan.

Pag-akses at Tagumpay sa Kolehiyo

Tumutulong ang HERA sa mga mahihinang mag-aaral at kanilang mga pamilya na maunawaan ang kanilang mga ligal na karapatan at mga pagpipilian para sa pagbabayad ng post-sekondaryong edukasyon, paano matukoy ang mga paaralan na malamang na maging mandaragit, pumili ng isang kagalang-galang na paaralan, at ang iyong mga ligal na karapatan pagdating sa muling pagsasaayos o pagkuha ng kapatawaran para sa iyong utang ng mag-aaral.

Malusog na mga Californian

Sa pamamagitan ng edukasyon ng mamimili, ang isa-isahang pagtuturo, adbokasiya at patakaran sa trabaho, nagtatrabaho ang Hera upang mapagbuti ang mga resulta ng kalusugan para sa mga residente ng California na nahihirapan sa mga alalahanin sa utang at kredito. Ang mga alalahanin sa kalusugan at pampinansyal ng mga tagapag-alaga ng mga may sapat na gulang, at ng mga nakatatanda at mga taong may kapansanan, ay isang partikular na pokus.

Maling Pagkolekta ng Utang

Maraming mga taong may utang na pera para sa iba't ibang uri ng mga utang - isang credit card, pautang ng mag-aaral, mga bayaring medikal, isang payday na pautang-pangalanan mo. Minsan ang mga kolektor ng utang ay mapang-abuso o nagsisinungaling sa iyo tungkol sa utang, kahit na humingi ng pera na hindi mo utang! Dahil sa mga batas ng estado o pederal, maaaring hindi mo utang ang pera na hinihiling nila o baka mas mababa pa ang utang mo.

Tinutulungan ka naming ipagtaggol ang iyong mga karapatan at ipaglaban ang mga mapang-abusong kasanayan sa pamamagitan ng adbokasiya.

Pagbubuo ng Kredito at Pagpapanatili

Ang pinsala sa iyong iskor ng kredito ay maaaring makapinsala sa iyo sa anyo ng mas mataas na mga antas ng interes, mas mataas na premium ng seguro, kawalan ng pag-akses sa isang account sa bangko, at maging pagkawala ng mga pagkakataon sa trabaho o pabahay. Maraming mga batas upang maprotektahan ang iyong kredito. Halimbawa, ang mga ulat sa kredito ay hindi dapat magkaroon ng maling impormasyon. Ang mga batas ng estado at pederal ay mayroon ding iba pang mga limitasyon sa kung ano ang maiuulat. At dahil napakahalaga ng kredito, maraming mga manlolokong gumagawa ng mga huwad na pangako, na inaangkin na maaari nilang ayusin ang iyong kredito kung babayaran mo ito. Tinutulungan ka ng HERA na matugunan ang lahat ng mga problemang ito nang libre, nagpapayo sa iyo tungkol sa mga karapatan at mga pagpipilian mo, tinutulungan kang iwasto ang labag sa batas na mga entry sa iyong ulat sa kredito at pagtuturo sa iyo kung paano magtataguyod para sa iyong sarili na bumuo o muling buuin ang kredito upang matugunan ang iyong mga layunin.



Upang humiling ng tulong o para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ni Hera mangyaring kontakin kami sa pamamagitan ng email sa: inquiries@herca.org or call (510) 271-8443 ext. 300

Muling Pagpasok

Ang mga residente na dumadaan sa muling pagpasok o reentry ay nahaharap sa iba't ibang mga paghamon sa pagkonekta sa trabaho, at paglikha ng isang matatag na buhay sa pananalapi. Makakatulong ang Hera upang matugunan ang mga problema sa utang at muling itayo ang iyong kredito, at nagtuturo at tulmutulong kami sa iyo na makuha ang mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga layunin.

Itinuturo namin sa iyo ang mga ligal na karapatan at mga pagpipilian na makakatulong sa iyo na bumuo ng isang ligtas na hinaharap sa pananalapi.

Sinusuportahan ang mga Manggagawa

Sa aming pagkakaunawa sa mga batas at mga patakaran na nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay sa pananalapi at sa iyong tahanan, tinuruan ka ng Hera kung paano gamitin ang mga magagamit na batas upang maprotektahan ang iyong sarili, paano maging matalino sa pananalapi, at kung paano magtataguyod para sa iyong sarili na bumuo ng isang ligtas na hinaharap sa pananalapi. Ang Hera ay isang natatanging mapagkukunan ng mga ligal na serbisyo.

Kanayunan at Lungsod na California

Naglilingkod ang Hera sa Estado ng California na may patuloy na nagbabagong mga libreng ligal na serbisyo upang matulungan ang mga residente na mabuhay nang ligtas, at bumuo ng isang malakas na hinaharap sa pananalapi. Kinikilala namin na ang mga residente sa kanayunan ay maaaring maharap sa iba't ibang mga problema kaysa sa mga nakatira sa mga lungsod o bayan. Maaari kang makipag -ugnay sa Hera mula sa kahit saan sa California para sa libreng ligal na payo at pagpapayo.

Binagbago ang mga Sistema

Ang aming mga kliyente, ang aming pananaliksik, at ang aming direktang karanasan sa iba't ibang mga institusyong pampinansyal at pampulitika ay nagpapaalam sa Hera tungkol sa mga pagbabago sa patakaran na kailangang mangyari. Upang maisagawa ang mga pagbabagong iyon, ginagamit ng Hera ang adbokasiya ng patakaran sa lokal, estado, at pederal na antas, tinuturuan ang mga kasosyo at mga kaalyado, sinasanay ang mga propesyonal, lumilikha ng mga bagong institusyon, madiskarteng pumupunta sa batas, at lumilikha ng mga bagong pakikipagsosyo.

Pinalalawak ang Kamalayan at Pagkuha ng mga Mapagkukunan: money-happy.org

Noong 2017, inisip at nilikha ng Hera ang isang natatanging, 6-na wikang website ng mga mapagkukunan, na sinuri ng mga kawani, upang malaman ng mga nangangailangang residente kung saan magtutungo para sa iba't ibang mga pinansiyal na pangangailangan sa buong estado. Bilang karagdagan, ang money-happy.org ay nagbabahagi ng mga tip at mga pananaw sa mga kagamitan sa pananalapi. Ang Hera ay patuloy na bumubuo ng mga mapagkukunan sa county na ito.